Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-66 NA KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-17 NG OKTUBRE, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 314-2023**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAHAYAG NG PAGSANG-AYON SA AKSYON, KOMENTO AT REKOMENDASYON NG TANGGAPAN NG PANLUNGSOD NA INHINYERO NA BIGYANG PAHINTULOT ANG PAGHUHUKAY (*EXCAVATION/DIGGING*) NG *GLOBE TELECOM, INC.* SA LOOB NG LABING-LIMANG (15) ARAW PARA SA KANILANG PROYEKTO SA *CATMON BRIDGE* NA MATATAGPUAN SA BARANGAY CATMON AT BARANGAY GUINHAWA, LUNGSOD NG MALOLOS.**

**AKDA NINA: KGG. THERESE CHERYLL "AYEE" B. OPLE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO,
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. MICHAEL M. AQUINO AT KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KAMAY-AKDA ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS**

**SAPAGKAT,** ang Tanggapan ni Kasangguni Therese Cheryll B. Ople ay nagtuloy sa Sangguniang Panlungsod ng kahilingan mula sa Globe Telecom, Inc. para sa kanilang proyekto sa Catmon Bridge sakop ng Barangay Catmon at Barangay Guinhawa, Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay naitukoy sa Lupon sa Imprastraktura na nagsagawa ng pag-aaral alinsunod sa isinasaad ng Kautusang Panlungsod Blg. 32-2023;

**SAPAGKAT,** batay sa isinasaad ng nasabing Kautusang Panlungsod, ng anumang paghuhukay (*excavation/digging*) sa Lungsod ng Malolos na tatagal ng higit sa labinlimang (15) araw ay marapat na sumailalim sa pag-aaral ng Sangguniang Panlungsod para sa pagrerebisa, ratipikasyon at/o pagsang-ayon, bago ang pagkakaloob ng kapahintulutan *(Excavation Permit)*;

**SAPAGKAT,** batay sa pag-aaral, ang kanilang proyekto sa Catmon Bridge na sakop ng Barangay Catmon at Barangay Guinhawa ay tatagal ng labinlimang (15) araw;

**SAPAGKAT,** upang hindi makadagdag sa kasalukuyang dinaranas na pagsisikip ng trapiko, ang proyekto sa mga nasabing Barangay ay pinahihintulutan nang maisagawa mula ika-9:00 ng gabi hanggang ika-5:00 ng umaga;

**SAPAGKAT,** ang panukalang proyekto ay magsusulong at magtataguyod ng Kagalingang Panlahat, na batay sa itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring *Local Government Code of 1991*;

Kung kaya't sa mungkahi ni **Kgg. Therese Cheryll "Ayee" B. Ople** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI | **KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**<br>KASANGGUNI | **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI | **KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**<br>KASANGGUNI |

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ** KASANGGUNI
**KGG. DIONISIO C. MENDOZA** KASANGGUNI
**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO** KASANGGUNI
**KGG. EMMANUEL R. SACAY** KASANGGUNI
**KGG. VICTORINO M. ALDABA III** KASANGGUNI
**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE** KASANGGUNI
**KGG. EDGARDO F. DOMINGO** KASANGGUNI

**IPINASIYA**, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na nagpapahayag ng pagsang-ayon sa aksyon, komento at rekomendasyon ng Tanggapan ng Panlungsod na Inhinyero na bigyang pahintulot ang paghuhukay (*excavation/digging*) ng *Globe Telecom, Inc.* sa loob ng labing-limang (15) araw para sa kanilang proyekto sa Catmon Bridge na matatagpuan sa Barangay Catmon at Barangay Guinahawa na kanilang sisimulan matapos makumpleto ang mga kaukulang rekisitos ng proyekto.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10172023